

# Magandang gabay sa paggamit ng basurahan

## para mabawasan ang basura

ccc.govt.nz/bingood

Updated June 2025

Christchurch City Council

# Magaling ako sa pag-babawas ng basura

Sa tamang pagtatapon ng mga bagay sa tamang basurahan, nakakatulong kang bawasan ang basura na napupunta sa tambakan. Nakakatipid ito ng pera at mas mabuti para sa kalikasan.

**Tukuyin ang iyong basurahan**

Mahalagang matukoy ang iyong mga basurahan sakaling mawala o masira ang mga ito. Pakilagay ang mga serial number ng iyong basurahan.

## Aking mga basurahan

### Magaling ako sa mga **organikong bagay**



Sa tamang pagtatapon ng mga bagay sa iyong berdeng basurahan, ginagawa mong posible ang paggawa ng lokal na organikong compost. Kung maling bagay ang mailagay sa berdeng basurahan, maaaring mapunta sa tambakan ang lahat ng laman ng trak ng basura.

Kinokolekta linggo-linggo

Serial number ng basurahan:

### Magaling ako sa **pagre-recycle**



Sa tamang pagtatapon ng mga bagay sa iyong dilaw na basurahan, ginagawa mong posible ang pag-recycle. Kung maling bagay ang mailagay sa dilaw na basurahan, maaaring mapunta sa tambakan ang lahat ng laman ng trak ng basura sa halip na ma-recycle.

Kinokolekta tuwing ikadalawang linggo

Serial number ng basurahan:

### Magaling akong magtapon ng **basura**



Sa tamang pagtatapon ng mga bagay sa iyong pulang basurahan, pinapanatili mong walang kontaminasyon ang iba pang mga basurahan. Kung hindi sigurado, gamitin ang madaling gamiting look-up tool sa aming app o pumunta sa aming website.

Kinokolekta tuwing ikalawang linggo

Serial number ng basurahan:

# Magaling ako sa mga organikong bagay

Itapon lamang sa iyong berdeng basurahan para sa organics ang pagkain at basurang mula sa garden.

**Tandaan:**

Ang mga paper towel at tea bags ay dapat ilagay sa iyong pulang basurahan.



Prutas, mga gulay at tira-tirang pagkain



Mga butil, pasta at kanin



Mga natirang karne, buto, shellfish at isda



Tinapay, mga pastry, at mga produktong panaderya.



Mga pinutol na bulaklak, pinagtabasan at pinutol na sanga



Basurang mula sa garden
(hindi kasama ang mga dahon ng flax at dahon ng puno ng repolyo)



Mga butil ng kape, giniling na kape at dahon ng tsaa



Keso, mga itlog at matekilya



Mga Dahon

# Magaling ako sa pagre-recycle

Ilagay lamang ang mga bagay na ito sa iyong dilaw na recycling bin.

**Tandaan:**
Banlawan ang iyong mga bote, lata, kanister, at plastik na lalagyan. Siguraduhin na ang mga ito ay maluwag at hindi pinipi. Ilagay ang mga takip sa iyong pulang basurahan.



Walang laman na kahon ng pizza
(inalis ang tira-tirang pagkain)



Lata ng pagkain at inumin



Malinaw at de-kolor na bote at garapong babasagin



Malinaw na plastik na lalagyan ng karne
1 2 5



Mga plastik na lalagyan
(mas malaki kaysa sa lalagyan ng yoghurt, 4 na litro at mas mababa)
1 2 5



Niyuping mga karton at mga kahon ng itlog




Papel
Mga sobre, magasin, at brochure na mas malaki kaysa sa karaniwang sobre



Mga boteng plastik
(mas malaki kaysa sa lalagyan ng yoghurt, 4 na litro at mas mababa)
1 2 5



Mga walang laman na lalagyan ng panlinis
(mas malaki kaysa sa lalagyan ng yoghurt, 4 na litro at mas mababa)
1 2 5

# Magaling ako sa mga basura

Ilagay lamang ang pangkalahatang basurang at ang mga bagay na ito sa iyong pulang basurahan.

**Tandaan:**

Bawasan ang basura hangga't maaari. Kung hindi ka sigurado kung saan dapat itapon ang isang bagay, maaari mong tingnan ang buong listahan sa aming **Christchurch Bins app.**



Lahat ng takip at maliit na plastik na bagay
(mas maliit kaysa lalagyan ng yoghurt)



Mga paper towel, karton na may mantsa ng pagkain at gutay-gutay na papel



Mga putol na kahoy, flax at dahon ng puno ng repolyo



Abong hindi na mainit
(Palamigin ang abo nang hindi bababa sa 5 araw at ilagay ito sa isang bag sa pulang basurahan.)



Malalambot na plastik
hal. mga shopping bag, bubble wrap, shrink wrap, pakete ng tsitsirya, at lalagyan ng biskwit.



Lahat ng compostable at biodegradable na bag at pambalot



Mga karton na walang lamang na likido
hal. juice at gatas



Mga lata ng aerosol



Pangkalahatang basura
hal. mga lampin, sirang laruan, tasa at plato



Mga tea bag



Mga sirang sapatos, damit, kumot, at iba pang tela

# Libreng pagtatapon sa EcoDrop Resource Recovery Centre

## Mapanganib na mga bagay na gamit sa bahay

Hanapin ang pinakamalapit na EcoDrop sa **ccc.govt.nz/hazardouswaste**



Lahat ng baterya ng sasakyan, kasangkapan at gamit sa bahay



Hindi na kailangan, hindi nagamit, o lumang likidong kemikal pangbahay, panlinis, at tuyong kemikal



Luma o nag-expire na mga fire extinguisher pangbahay



Mga lalagyan ng gas pang-camping, bote ng helium, at bote ng gas



Hindi na kailangan, hindi nagamit o lumang pintura at solvent



Hindi na kailangan, hindi nagamit o lumang langis tulad ng langis ng sasakyan o mantikang panluto

## Sira at hindi na kailangang mga gamit sa bahay



Mga kasangkapan tulad ng microwave, refrigerator, dryer, vacuum cleaner, washing machine, takure, pitsel, kaldero, at kawali.



Mga kasangkapan at kagamitang pang-garden

# Mga Tip para sa Tamang Pagtapon ng Basura!

## 1. Panatilihing nakasara nang maayos ang takip ng basurahan

Siguraduhin na ang takip ng basurahan ay nakasara nang maayos upang masigurong makolekta ito. Ang mga bagay na inilagay sa tabi o sa ibabaw ng basurahan ay hindi makokolekta. Ang trak ay hindi maaaring buhatin ang basurahan kung ito ay punong-puno o sobrang mabigat.

## 2. Hindi masyadong mabigat at may tamang pagitan.

Siguraduhin na ang basurahan ay wala pang 70kg at ilagay ito sa gilid ng kalsada o damuhan, na may distansiyang 50cm mula sa isa't isa.

## 3. Itapon sa tamang oras

Ilabas ang mga basurahan sa pinaka-huling oras na kumportable para sa iyo bago mag-6am sa araw ng koleksyon. Makakatulong ito sa pag-iwas sa pangangalkal ng basura. Huwag kalimutang kunin ang basurahan pagkatapos itong mawalan ng laman bago mag-11pm.

## 4. Lagyan ng marka iyong basurahan

Ang pag-personalize ng iyong basurahan ay makakatulong upang madaling matukoy ito sa kalye.

- Isulat ang numero ng tirahan sa takip o gilid ng basurahan.
- Itali ang isang laso sa hawakan ng iyong basurahan.
- Maglagay ng sticker sa likod ng basurahan o humingi ng kapalit na address sticker sa **ccc.govt.nz/contact-us** (serial number kinakailangan)

## 5. Ireport ang nawawala o nasirang basurahan

Ireport ang nawawala o nasirang basurahan sa loob ng 48 oras matapos ang koleksyon upang maiwasan ang gastos sa pagpapalit. Tumawag sa **03 941 8999** o mag-report online sa **ccc.govt.nz/mybins**

## 6. Gusto mong palitan ang laki ng iyong basurahan?

Gusto mong palitan ang laki ng iyong berde o dilaw na basurahan? Tumawag sa amin sa **03 941 8999** o mag-apply online sa **ccc.govt.nz/mybins**

# Salamat sa tamang pagtatapon ng basura!

## Gusto mo bang bawasan ang basura?

Para sa karagdagang mga tip sa pagbabawas ng basura,
pumunta sa  aming website o i-download ang Christchurch Bins app.

ccc.govt.nz/bingood




## At tandaan:

Ang lahat ng mga tasa at lalagyan ng takeout ay dapat itapon sa pulang basurahan!



INF8017 June 2025 – Tagalog

Christchurch
City Council